**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume IV, Issue I**
**August 2022**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

# PILIPINAS, PINAGTIBAY NA PAG-ASA

ni: **MARICEL R. BARBA**

Sa dakong silangan, liwanag laging nakaabang
Sa tulad mo at tulad ko na minsang dinala na sa kawalan;
Tinig ng iilan, hinagpis ng karamihan aking nasaksihan
Ngunit sa puso ko at puso nila tila may pag-asang makakamtan

Bilang at dami ng tulad ko na minsa'y dinaanan ng bagyo
Nagpakatatag, gumawa ng paraan upang muling mabuo;
Pandemya'y dumating, balisa at takot sa isip laging namumuo
Ngunit sa tulong mo at tulong ng iba'y nagising ako

Balakid na aking hinaharap gaano man katambak
Hindi magiging dahilan ng ating pagkakawatak-watak;
Bagkus, aking hihikayatin na ang lahat sa inyo
Mahalin at alagaan ang sarili, maging pati ako!

Darating ang panahon, na inyong masisilayang muli
Ang ganda ng Perlas Silangang ating minimithi;
Tulong at pakikiisa ang ating sandata
Ito'y mahalaga ng sa gayo'y walang matutumba!

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************